

Abril 18, 2023

SA: MGA EHEKUTIBONG DIREKTOR NG MGA REGIONAL CENTERS

PAKSA: PAGSUNOD SA TAGAPAGKALOOb NG ELEKTRONIKONG BERIPIKASYON
SA PAGBISITA

Alinsunod sa [Seksyon 12006\(a\) ng Batas sa Pagpapagaling sa Ika-21 Siglo](#) (Cures Act), ang mga estado ay kinakailangang magpatupad ng Electronic Visit Verification (EVV) para sa mga serbisyo sa personal na pangangalaga at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay na nangangailangan ng pagbisita sa bahay ng isang tagapagkaloob ng serbisyo. Ang EVV ay ipinatupad para sa mga serbisyo sa personal na pangangalaga at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay.

Pagsapit ng Hunyo 1, 2023, ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa personal na pangangalaga at pangangalagang pangkalusugan sa bahay sa regional center na napapailalim sa EVV ay kinakailangang magpapadala ng datos na sumusunod sa Cures Act sa sistema ng EVV ng estado alinman sa pamamagitan ng CalEVV, libreng gamiting sistema ng EVV na ibinibigay ng estado, o sa pamamagitan ng alternatibong sistema ng EVV na pipiliin ng tagapagkaloob na nakakatugon sa mga kinakailangan ng estado.

Ang impormasyon tungkol sa EVV kabilang ang mga Madalas Itanong at karagdagang mga mapagkukunan para sa mga tagapagbigay ng serbisyo ay matatagpuan sa [webpage ng EVV ng Kagawaran](#).

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnay sa EVV@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Nilagdaan ang Original ni:

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Diputadong Direktor
Pagpapaunlad ng Patakaran at Programa

cc: Mga Administrador ng Regional Centers
Regional Center Directors of Consumer Services
Regional Center Community Services Directors
Association of Regional Center Agencies
Nancy Bargmann, Department of Developmental Services
Brian Winfield, Department of Developmental Services
Carla Castaneda, Department of Developmental Services
Ernie Cruz, Department of Developmental Services

